CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 1, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ng Long Beach ay Nagbukas ng Dagdag na Lugar ng Pagsusuri sa Veterans Memorial Stadium

Long Beach, CA - Ang mga opsyon ng pasusuri ng COVID-19 ay nagpapatuloy na mapalawak sa Long Beach sa pagbubukas ng isa pang lugar, ngayong Mayo 1, sa Veterans Memorial Stadium, sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng Long Beach City College.

“Ang pagkakaroon ng isang matatag na kapasidad ng pagsusuri ay kritikal sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga tao at ang muling pagbukas ng ekonomiya ng Long Beach,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Gusto kong pasalamatan ang Long Beach City College para sa kanilang pakikipagtulungan.”

Ang bagong drive-through na lokasyon ng pagsusuri ay inaasahang makapagbigay ng mga 100 pagsusuri araw araw. Sa bagong lugar na ito, ang Lungsod ay maaari na ngayong makapagpasuri ng higit sa 700 katao bawat araw, bilang karagdagan sa 250 katao na nakakapagpasuri sa St. Mary Medical Center. Dahil dito, tumaas ang kapasidad ng pang-araw-araw na pagsusuri sa humigit kumulang sa 1,000.

Ang Veterans Memorial Stadium site, na nasa 5000 E. Lew Davis St., ay bukas pitong araw sa isang linggo mula 3 p.m. hanggang 6 p.m.

Kinakailangang ang mga appointment at maaaring magpa-appointment sa pamamagitan ng pagbisita sa pahina ng pagsusuri ng COVID-19 ng Lungsod o sa pagtawag sa 562.570.INFO (4636). Ang pagkakaroon ng appointment ay pinaprayoridad para sa mga taong nagpapakita ng sintomas, mga indibidwal na edad 65 pataas o may mga kondisyon sa kalusugan, at mga mahahalagang frontline na manggagawa.

Ang mga appointment ng pagsusuri ay patuloy na magagamit ng sinumang nagpapakita ng sintomas sa isa sa limang iba pang mga lokasyon ng pagsusuri sa Long Beach:

- Jordan High School, 6500 Atlantic Ave.
- Cabrillo High School, 2001 Santa Fe Ave.
- St. Mary Medical Center, 1050 Linden Ave.

- Long Beach City College Pacific Coast Campus, 1305 E. Pacific Coast Highway
- Simula Mayo 4: Jordan Plus High School, 171 W. Bort St.

Para sa pinaka bagong impormasyon sa COVID-19 at mga detalye ukol sa mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatili ang kaligtasan ng kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter, at Instragram.

###